Ang Mahiwagang Singsing

Noong unang panahon, may isang lalaking Juan ang pangalan. Hindi siya nagtatrabaho at pagala-gala lang sa buong bayan. Isang araw, pumunta siya sa bayang malapit sa kaharian ni Haring Felipe.

Humanga siya sa marangyang palasyo. Di nagtagal, nakita niya ang Prinsesa.

Nagsalubong ang tingin nila. Namula ang pisngi ng Prinsesa at bigla siyang nahiya kay Juan. Mula noon naging magkaibigan sila. Palagi silang nagkikita hanggang sa nagka-anak sila.

Isang taon ang lumipas nang bumalik si Haring Felipe galing sa labanan. Nagtaka ang hari dahil hindi niya makita ang nag-iisa niyang anak.

"Hanapin ang prinsesa ngayon din at huwag kayong babalik kung hindi nyo siya kasama!" utos ng hari.

Inisa-isa ng mga kawal ang lahat ng lugar at mga karatig-bayan. Sa wakas, natagpuan ang prinsesa at ang anak niya sa isang liblib na lugar. Dinala ang mag-ina sa palasyo.

Nanginginig ang tuhod ng Prinsesa. Pawis-na pawis siya at nangingilid ang luha. Takot na takot siya.

"Sino ang ama ng iyong anak?" nakayuko lang ang Prinsesa. Alam niya ang kaniyang kasalanan at nagsisisi siya.

Bigla niyang naalala si Juan. Alam niyang hinahanap sila nito mula nang lumayo siya. Kung kani-kanino na nagtanong si Juan at kung saan-saan nagpunta sa paghahanap. Hanggang sa nakarating siya sa mahiwagang ilog. Sa sobrang pagod ay nakatulog siya sa gilid nito. Pero bigla siyang nagising sa ingay.

"Juan, tapat ang iyong puso kaya tutulungan kita. Kunin mo itong singsing sa aking bibig at ibaon mo sa gitna ng ilog. Anuman ang bagay na hilingin mo ay ibibigay ko."

Magsasalita pa sana si Juan pero sa isang iglap nawala na ang isda.

Agad na ginawa ni Juan ang mga sinabi ng mahiwagang isda.

Unang hiniling niya ay magkaroon ng bahay. Biglang lumitaw ang napakagandang palasyo! Pero, malungkot pa rin si Juan dahil hindi niya kasama ang kaniyang mag-ina.

Pangalawang hiniling niya ay bigyan siya ng maraming pagkain. Ipinamahagi niya ang napakaraming pagkain sa lahat ng mga tao.

Mabilis na kumalat ang usap-usapan tungkol dito at umabot sa kaharian ni Haring Felipe. Pero hindi pa rin nakikita ni Juan ang kanyang mag-ina.

Sa ikapitong kaarawan ng anak ng Prinsesa ay may malaking pagtitipon sa kaharian ni Haring Felipe. Nalaman ito ni Juan kaya dumating siya sa okasyon na magara ang bihis. Maayos siyang tinanggap ng hari.

Samantala, ang Prinsesang hindi na lumabas ng palasyo mula noong bumalik dito ay napilitang magpakita sa mga tao.

Biglang nagliwanag ang kaniyang paligid nang makita niya si Juan na kausap niya ang kaniyang amang si Haring Felipe. Ipakikilala na sana siya ng hari kay Juan nang bigla siyang humagulgol. Niyakap naman siya nang mahigpit ni Juan. Sa sandaling iyon natuklasan ng hari na si Juan na nga ang hinahanap niyang ama ng kanyang apo.

Mula noon, maligayang nabuhay, si Juan, ang Prinsesa at ang anak nila sa kanilang palasyong tahanan.